

Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2507-8933



9 772507 893003

TOMO 2, BILANG 1 | 2017



SIKAD KALABAWAN



Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER



TOMO 2, BILANG 1
| 2017

PATNUGUTAN

Patnugot ERIC P. PALACPAC, ROWENA G. BUMANLAG

Tagapamahalang Patnugot MERVALYN O. TOMAS

Disenyo/Layout KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE

Manunulat ROWENA G. BUMANLAG, MA. CECILIA C. IRANG,
ANSELMO S. ROQUE, MERVALYN O. TOMAS,
MA. THERESA R. SAWIT

Kasangguni ANSELMO S. ROQUE

Tagapayo ARNEL N. DEL BARRIO

MGA NILALAMAN

3

VISAYAS:

Ang mapalad na lupain ng pagtatagumpay at kahusayan

6

Sa Leyte

Dalawang Hiyas sa pagpaparami ng **KABAW**

10

Ngiti ng tagumpay sa **UBAY**

12

Pagkakalabawan, umakma sa **‘FIRST LOVE’** ng isang matagumpay na negosyante

14

Mahusay na liderato, pagtutulungan ipinakikita sa **PAGKAKALABAWAN** sa Iloilo

16

Pananaw sa Can-ato, **“KAYA NATIN ‘TO’**

18

NAIIBANG PAKIKIBAKA

para sa kaayusan, kaunlaran

20

May pusong paglilingkod, pakikiisa para sa **KAUNLARAN**

22

Mapang-akit na **‘DULCE GATAS’** sa Negros Occidental

25

Programang araw-araw na pag-inom ng mga bata ng **GATAS NG KALABAW**, inilunsad sa tatlong rehiyon

Ang Karbaw ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng Karbaw magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng paggagatasa sa bansa.

Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa Karbaw magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.

NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: <http://www.pcc.gov.ph> • E-mail: pcc-oed@mozcom.com
MANILA LIAISON OFFICE 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS:** **PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09167528507, pccpat07@yahoo.com • **PCC at DIMMSU** 09283556029, pccdimmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238, pccclsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 53 335-2648, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 33 320-2445, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** +63 34 735-0121, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09189194473, pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09391339815, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872, usm_pcc@yahoo.com



Ilan sa mga lugar sa Visayas kung saan matatagpuan ang mga magsasaka-maggagatas at mga taong nagtutulung-tulong, kasama na ang mga regional centers ng Philippine Carabao Center, para sa lalong ikauunlad ng pagkakalabawan sa Visayas ang binigyang-diin sa isyung ito.

Nakita ang pagbabago at nag-uumpisang pagbabago, kagaya ng pag-angat ng kabuhayan sa mga lugar na ito, sa tulong ng programang salig sa pagkakalabawan.



Ang mapalad na lupain ng pagtatagumpay at kahusayan

NI ANSELMO S. ROQUE

Binubuo ng pitong malalaki at daan-daang maliit na islang nakapalibot sa Visayan, Samar at Camotes seas , ang Visayas ay isa sa tatlong pangunahing isla ng bansa. Kilala ito sa katawagang “Central Philippines”.

Tinagurian itong “mapalad na lupain ng pagtatagumpay at kahusayan” batay sa pinagmulan nitong terminong “Visayas” na hango sa Emperyo ng Srivijaya sa Sumatra.

Sinasabi ng kasaysayan na sampung datu, na tumakas sa paninikil ng rajah ng Borneo, ang nakarating sa Isla ng Panay. Sila, kasama ng kanilang mga kabig, ang itinuturing na mga ninuno ng mga “taong Visayan”.

Ginugunita at ipinagdiriwang ng mga pistang “Ati-Atihan” sa Kalibo, Aklan at “Binirayan” sa San Jose Antique ang kanilang pagdating sa Visayas. Sa Panay, isang tulang epiko, ang “Hinilawod” na may 29,000 berso, ay nagsasaad ng mga “Kuwentong Mula sa Bukana ng Ilog Halawod”.

Tumatalakay ito sa mga pakikipagsapalaran ng tatlong mala-Diyos na magkakapatid na Labaw Donggon, Humadapnon at


Dumalapdap ng sinaunang Panay. Taglay nito ang mga kaalaman ukol sa kultura, relihiyon, at mga ritwal ng mga sinaunang tao ng Sulod at nagpapakita na ang mga sinaunang Filipino ay naniniwala sa mga “sagrado”, kahalagahan ng dangal ng pamilya, at mga personal na katapangan at dignidad.

Ang mga pangunahing isla ng Visayas ay Bohol, Cebu, Leyte, Masbate, Negros, Panay, at Samar.


SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



Chocolate Hills, Bohol



Camotes Sea, Baybay, Leyte



MacArthur Landing Memorial National Park, Palo, Leyte

VISAYAS:...

MULA SA PAHINA 3

Matatayog na bundok ang makikita sa kalakhang bahagi ng Isla ng Visayas maliban sa Samar at Masbate na maituturing namang lubhang maburol. Maluwang ang kapatagan sa dakong silangan ng Panay, na tinatamnan ng tubo at palay, samantalang sa dakong kanluran naman ay makikita ang malawak na kapatagan sa Negros.

Ang mga pangunahing lengguwahe sa Visayas ay Cebuano sa Central Visayas at Negros Oriental, Hiligaynon o Ilonggo sa Western Visayas at Negros Occidental, at Waray sa Eastern Visayas. Ang iba pang lengguwahe ay Aklanon, Kinaray-a, Capiznon at pangalawang lengguwahe ang English at malaganap din ang lenguwaheng Filipino.

Binubuo ng 16 na probinsiya, ang Visayas ay nahahati sa apat na rehiyong administratibo. Ang mga ito’y Western Visayas (Region VI na ang sentrong panrehiyon ay sa Iloilo City), Negros Island Region (NIR/Region XVIII, Bacolod City at Dumaguete City), Central Visayas

(Region III, Cebu City); at Eastern Visayas (Region IX, Tacloban City).

Hiyas ng mga pook-pasyalan

Mapalad ang Visayas sa pagkakaroon ng mga bantog na pook-pasyalan.

Pangunahin na ang Boracay sa Aklan na kilala sa buong mundo. Tinagurian itong “best island of the world” noong 2012 ng “Travel + Leisure” na isang pandaigdigang travel magazine.

Sa Bohol, makikita ang 1,268 chocolate hills na mga nakakumot na ay nagbabago ng anyo at nagiging kulay tsokolate sa takdang panahon. Kinilala ito na “National Geological Monument”.

Sa Bohol din makikita ang Panglao Island na ang tampok ay ang Hinagdanan Cave na may ‘underground water source’. Tampok din ang Balicasag Island na pinagdarayo dahil sa mga isdang dagat na barracuda at jack fish, mga pagong, murray eels o palos at

bilang isang “dive resort”.

Sa Bohol pa rin matatagpuan ang “wildlife sanctuary” na kinaroroonan ng mga Philippine Tarsier na tinatawag na mawmag sa Cebuano at mamag sa Luzon. Ang hayop na ito, na may laking 85 hanggang 160 milimetro, ay matatagpuan din sa Samar, Leyte at maging sa Mindanao at maliliit na isla ng Maripipi, Siargao, Basilan, at Dinagat.

Sa Leyte, pinagdarayo ang lugar na kung saan dumaong si Gen. Douglas McArthur bilang pagtupad sa kanyang ipinangakong “I shall return”. Naroroon din ang pananda sa “Battle of Leyte Gulf” na pinakamatagal na bakbakang sa karagatan sa kasaysayan ng mundo.

Sa Samal Island naman ay ang San Juanico Bridge, ang pinakamahabang tulay sa Pilipinas. Doon din ang pondahan ng mga behikulo para sa “roll on, roll off” (Ro-Ro) patungong Luzon, sa Dumaguete City naman ang bantog na Silliman University, sa Bacolod City ay ang “Maskara Festival” at sa Guimaras Island naman ay ang pamosong “Guimaras mango”.

Pangunahing pinatutunguhan lunsod sa Visayas ang Cebu City”

na tinaguriang “Queen City of the South”. Ito ang pinakamatandang komunidad na itinatag ng mga Kastila noon sa bansa, Nasa lunsod na ito ang isang Taoist Temple pinagdarayo rin dahil sa “flower ritual” kung Miercoles at pook-tanawan ng buong Cebu Island at ng papalubog na araw.

Marami pang ibang pook-pasyalan at mga “landmarks” sa Visayas – mga 120 pa.

Agrikultura

Sa Western Visayas (Antique, Iloilo, Capiz, Negros Occidental, at Guimaras), ang bahaging ito ay may mahigit sa 666 libong ektaryang lupa na pinanggagalingan ng mga produktong agrikultural.

Pinakamalaki ang sa Iloilo (180,000 ektarya) at kasunod ang Negros Occidental (132,000 ektarya).

Pangunahin sa kanilang produkto ay palay (471,000 ektarya), kasunod ay tubo (136,000 ektarya), at mais (55,000 ektarya). Ang Negros Occidental ang siyang kinikilang “sugar bowl” ng bansa. Pangunahing produkto sa Aklan at Antique ay niyog, saging sa Capiz, Iloilo at Negros Occidental, at

kalamansi sa Guimaras.

Sa Eastern Visayas (Eastern Samar, Leyte, Biliran, Northern Samar, at Southern Leyte), may kabuuang 723,000 ektaryang lupaing agrikultural. Ang pinamalawak ay Leyte (258,000 ektarya) at ang kasunod ay Samar (102,000 ektarya). Pangunahing produkto ay palay, mais, root crops, at tubo, niyog, abaka, cacao, at saging.

Ang Central Visayas (Bohol, Cebu, Negros Oriental, at Siquijor) ay binubuo ng 522,000 ektaryang lupang agrikultural na nahahati sa 430,000 bukirin.

Sa lawak, pinamalaki ang Negros Oriental (228,000 ektarya), kasunod ang prubinsiya ng Cebu (146,000 ektarya) at pangatlo ang Bohol (136,000 ektarya.) Pangunahin ang mais bilang produkto sa Cebu, Negros Oriental, at Siquijor samantalang palay naman sa Bohol. Sa permanenteng pananim, pinakamarami ang niyog sa rehiyong ito (10.5 milyon), kasunod ang saging, at mangga.

Pagkakalabawan

Sa larangan ng pagkakalabawan, ang Eastern Visayas ay siyang

pangalawang may pinamalaking populasyon ng kalabaw na umabot sa 233,069 sa buong Pilipinas batay sa imbentaryo noong Hulyo, 2016. Pangalawa ito sa Bicol na may pinakamaraming kalabaw (292,880).

Ang kabuuang populasyon ng kalabaw sa Pilipinas ayon sa imbentaryo ay 2.89 milyon.

Ang Western Visayas ay may 205,848 kalabaw at sa Negros Island Region ay 165,785.

Marami-rami na rin namang mga gatasang kalabaw sa buong Visayas. Patuloy ring umaangat sa maraming bahagi ng Visayas ang mga industriyang-salig-sa-kalabaw.

May apat na panrehiyong tanggapan ang Philippine Carabao Center sa Visayas. Ang mga ito’y sa Carlota Stock Farm sa Negros Occidental, Ubay Stock Farm sa Bohol, Visayas State University sa Leyte, at West Visayas State University sa Iloilo.

Ang mga panrehiyong tanggapang ito ng PCC ay siyang masidhing nagsusulong ng Carabao Development Program sa Visayas. 

 PCC at Ubay Stock Farm, Ubay Bohol

Sa Leyte

Dalawang hiyas sa pagpaparami ng **KABAW**

NI ROWENA G. BUMANLAG



"Magmula nang tulungan ng PCC ang rancho MR Larrazabal noong 2005, maraming magsasaka na ang nakinabang sa mga crossbred na kalabaw. Dahil dito'y naging mabilis ang pagpapatupad ng CDP dito sa Visayas dahil may mapagkukunan na ng mga hayop. Malaking bagay para sa programa na mayroon tayong multiplier farm para sa crossbred na kalabaw".

- Dr. Julius Abela
Center Chief, PCC at VSU

MR Larrazabal Crossbred Carabou Multiplier Farm, Ormoc City, Leyte

Pambihira.

Ito ang sasaisip agad sa sinumang makakikita sa Rancho MR Larrazabal sa barangay Cabaon-an sa Ormoc City sa Leyte. Ito'y mayroong 1,000 iba't ibang uri ng inaalagaang mga hayop – mga bakang Brahman at Helstein Sahiwal, karnero, kabayo, kambing at kalabaw.

Sa mga ito, pinakamarami ang kalabaw. Umaabot sa 460 na lahat.

"Mga mestizo (crossbred) ang mga 'yan," sabi ng may-aring si Melchor "Gaming" Larrazabal Jr. "Ang inahin ay 222, 174 ang dumalaga, 59 ang mga junior bulls at lima ang senior bulls," dagdag niya.

Itinatag ng pamilya Larrazabal ang rancho bilang isang libangan lamang sa pasimula. Mga native na kalabaw ang kanilang inalagaan na dinagdagan nila ng dalawang bulugang American buffalo – sina "Richard" at "Eddie" na siyang nagpasimula ng pagsilang ng mga crossbred na kalabaw sa rancho.

Kung noo'y pawang nangakapawala lang sa rancho ang mga kalabaw, ang mga ito'y masistematiko na ngayong inaalagaan. Bunga ito ng pakikipagtulungan, simula noong 2005 ng PCC sa Visayas State University (PCC@VSU) na pinamumunuan ni Dr. Julius Abela bilang center chief.

Nitong ilang taon ang nakalipas, sa layuning makatulong sa pagpapalaganap ng mga crossbred na kalabaw, naitalaga ang rancho bilang isang "multiplier farm". Ito ngayo'y tinatawag na MR Larrazabal Crossbred Carabou Multiplier Farm (MRLCCMF).

Ang MRLCCMF ay isa sa dalawang "multiplier farm" sa Leyte. Sa bayan ng Javier, sa barangay Poblacion, Zone II, nakatatag ang Javier Dairy Buffalo Multiplier Farm (JDBMF) na pag-aari ni Michael "Dragon" Javier.

Kung ang "Larrazabal" ay crossbred na kalabaw ang pinararami, ang sa "Javier" nama'y mga purebred na gatasang kalabaw. Napahiraman si G. Javier ng 50 Italian Murrah buffaloes noong Oktubre 2014 at karagdang 50 pa noong Enero ng sumunod na taon.

"Limang ektyarya ngayon ang ginagamit ng JDBMF sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw," ani Honielyn Argallon, farm manager ng JDBMF. "May plano kami na palawakin pa ito upang kayanin ang pag-aalaga ng hanggang 800 kalabaw. Kasama rin sa plano ang paglalagay ng pasilidad sa pagpoproseso ng aning gatas," dagdag niya.

Mula sa dalawang "farms" na ito, ngayo'y napalalaganap at lubhang napasigla sa Leyte at iba pang lugar ang "Carabao Development Program" (CDP).

Kung ano ang multiplier farm

Inilunsad ng PCC ang konseptong "multiplier farm" upang lalo pang mapalaganap ang mga biyayang handog ng CDP. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng mapagkukunan ng mahuhusay na lahi ng gatasang kalabaw na maipahihiram o maipagbibili sa mga indibiduwal na magsasaka.

Sa kasalukuyan ang programa ng PCC ay nakatuon sa pagpapahiram ng mga gatasang kalabaw sa mga miyembro ng kooperatiba.

Inilunsad ang proyektong ito batay sa mandato ng gobyerno na pag-ibayuhin ang maramihang produksyon ng crossbred, at maging purebred, na kalabaw sa pamamagitan ng "Public-Private Partnership". Ito'y upang magkaroon ng mapagkukunan ang mga magsasaka ng mga kalabaw na magpapasimula sa kanila sa pagkakaroon ng pangkabuhayang gawaing salig sa kalabaw.

Bilang isang multiplier farm, pamamatnugutan nito ang pamamahala sa mga kalabaw ayon sa pamamaraan at pamantayan ng PCC ukol sa pagpapalahi sa mga hayop sa ilalim ng "Genetic Improvement Program" ng ahensiya. Ang napapanahong pagpapalahi ay isasagawa ng kwalipikadong AI

teknisyan o ng isang clean-up bull.

Tungkulin din ng "multiplier farm" na maglaan ng wastong pakain, tulad ng pagtanim ng maiinaman na klaseng damo na kinabibilangan ng humidicola, guinea, super napier (pakchong), rensonii, at trichantera, pagtatala ng kalagayan ng bawa't hayop na susuriin naman at gagawan ng kaukulang pagpapahusay o pag-aayos sa pamamahala sa hayop, regular na pagsusuri sa kalagayang pangkalusugan ng mga hayop, pagpupurga at pagbibigay ng bitamina, at ilan pang kaugnay na gawain sa pangangalaga.

Kaugnay ng lahat ng gawaing ito, matamang itatala ang kalagayan ng bawa't isang hayop at ito'y susuriin ng PCC sa tuwing ikaapat na buwan. Base sa tala, isasagawa ang mga kaukulang sistema ng pagpapahusay o pagsasaayos ng pamamahala sa mga hayop.

Batay sa kasunduan, ang bawa't inahing kalabaw na "paiwi" ay dapat na bayaran ng dalawang babaing kalabaw sa loob ng walong taon. Sa kalaunan ay maaari ring bilhin ng "multiplier farm" ang anak na babaing kalabaw.

Ukol naman sa pagpapahiram ng "multiplier farm" sa mga magsasaka, ang isang inahing kalabaw ay babayaran ng dalawang babae

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA



MR Larrazabal Crossbred Carabou Multiplier Farm, Ormoc City, Leyte

Sa Leyte ...

MULA SA PAHINA 7



Sa sistemang multiplier farm, mas magiging madali para sa PCC ang pag-monitor sa mga ipinahiram na kalabaw dahil nasa isang farm lang ang mga ito, mas maipatatupad ang katulad na GIP para sa sistema ng pagpapalahi, at mas mapagbubuti ang kalakaran ng pangangasiwa.



Javier Dairy Buffalo Multiplier Farm, Javier, Leyte

sa loob ng walong taon. Ang ang unang anak na babae ay tuwirang ibibigay sa “multiplier farm” at ang pangalawa ay sa magsasaka, at ang pangatlo, malalake ay pagpapasiyahan ng magsasaka kung mananatili sa kanya o sa “mulplier farm”.

Maayos na rancho

Sa tulong ng PCC, kung dati-rati’y nangakakalat lang ang mga kalabaw sa Rancho MR Larrazabal at laganap ang inbreeding, ngayo’y nasa ayos na ang mga ito at maayos na rin ang sistema ng pagpapalahi. Inalis na ang mga native na bulugan at pinalitan ng mga purong Bulgarian bulls mula sa PCC.

Hinati-hati rin sa lima ang rancho sa pamamagitan ng mga bakod na maghihiwa-hiwalay sa mga babae, lalake, at bulo. Ang taniman nito ng damong pakain ay humigit-

kumulang sa 300 ektarya.

Simula noong 2010, humigit-kumulang sa 50 hanggang 60 lalake at 100 babaeng kalabaw na ang naipamahagi ng rancho. Ang lalakeng kalabaw ay naibebenta sa halagang P20,000 at P30,000 hanggang P35,000 naman kung babae. Karaniwang ang mga namimili ay mga asosasyon ng mga magsasaka mula sa Leyte, Samar, Cebu at ngayo’y maging sa Mindanao.

Sa kasalukuyan, 100 babaeng crossbred na kalabaw na puwede nang palahian ang nakatakang bilhin ng mga kliyente ng PCC sa University of Southern Mindanao, Central Mindanao University, at Mindanao Livestock Production Complex na pawang mga asosasyon na magsisilbi namang mga mini-multiplier farm sa Mindanao.

Simula naman nang nakaraang taon, umangat ang kitang P25,000 sa mahigit P180,000 kada buwan ang kita ng Rancho Larrazabal mula sa mga produktong pasteurized milk, choco milk, at pastillas. Humigit-kumulang sa 500 litro ng gatas ang pinoproseso nito kada linggo na dinadala sa siyam na sangay ng “Andok’s Litson Manok” sa Leyte na pagmamay-ari ng mga Javier.

Sa Javier Dairy Buffalo Multiplier Farm naman, 44 na ang nanganak sa ipinahiram na kalabaw samantalang 43 na ang buntis sa pangalawang grupo at lahat ay sa pamamagitan ng artificial insemination. Sila’y tinutustusan ng pakaiing-damo mula sa 15 ektaryang taniman at ng pandagdag na konsentreys.

Agosto ng taong 2015 nang magsimulang gumatas ang JDBMF at ang karaniwang ani ay 5.5. hanggang 6 litro bawa’t kalabaw

araw-araw. Sa kasalukuyan, 31 ang ginagatang kalabaw sa JDBMF.

Sa mga naipanganak na mga bulo mula sa AI, wala pang naipamahagi sa mga magsasaka dahil maliliit pa ang mga ito. Gayunman, nakagayak na ang ilang bulo na may edad 14 na buwan na ibabayad sa PCC ayon sa nilagdaang kasunduan.

Mga pakinabang

Ayon kay Dr. Abela, naging makatotohanan ang proyektong ito sa Leyte sa pamamagitan ng pondong inilaan sa mga Special Area for Agricultural Development o SAAD sa ilalim ng tanggapan ng Kalihim ng Kagawaran ng Pagsasaka.

“Magmula nang tulongan ng PCC ang rancho MR Larrazabal noong 2005, maraming magsasaka na ang nakinabang sa mga crossbred na

kalabaw. Dahil dito’y naging mabilis ang pagpapatupad ng CDP dito sa Visayas dahil may mapagkukunan na ng mga hayop. Malaking bagay para sa programa na mayroon tayong multiplier farm para sa crossbred na kalabaw,” ani Dr. Abela.

Simula noong 2013, 40 na crossbred na kalabaw na ang naka-paiwi sa mga magsasaka. Karaniwang ginagamit ang mga ito bilang pantrabaho sa bukid.

“Ang ranchong ito ay talagang lugar-pahingahan lang para sa aming pamilya. Pero natutuwa kaming nakatutulong na ngayon sa sa maraming magsasaka. Mainam na naging katuwang namin ang PCC sa gawaing ito,” ani Larrazabal.

Sa kasalukuyan, may 12 na kooperatiba ng mga magsasaka ang inaasistehan ng PCC@VSU at apat pa ang nakaambang maging

kablikat din nito sa CDP.

“Pantrabaho lang sa bukid ang gamit ng mga magsasaka sa kalabaw. Pero, may natatanaw na panibagong pagkakakitaan sila sa gatang kalabaw at nagpapasalamat sila na may mapagkukunan silang magagandang hayop sa gaya ng sa dalawang multiplier farm,” ani Dr. Abela.

Sa sistemang multiplier farm, mas magiging madali para sa PCC ang pag-monitor sa mga ipinahiram na kalabaw dahil nasa isang farm lang ang mga ito, mas maipatatupad ang katulad na GIP para sa sistema ng pagpapalahi, at mas mapagbubuti ang kalakaran ng pangangasiwa.

“Hindi nga malayo ang panahon ng pagyabong ng industriya ng gatang kalabaw sa maraming kanayunan sa Visayas dahil sa mga multiplier farms na ito,” ani Dr. Abela. 

Madaling araw pa lang, gising na si Mang Fernando Dupalco. Gayak na siya para sa paggatas ng kanyang kalabaw at paghahanda sa aning gatas na kokolektahin ng dairy technician at dadalhin nito sa processing center ng kanilang kooperatiba sa Ubay, Bohol.

Siya'y isang miyembro ng Bohol Dairy Cooperative (BoDaCo).

"Nasa P9,000 kada buwan ang karaniwang kinikita ko sa pagbebenta ng gatas ng kalabaw. Nadaragdagan pa ito dahil sa nakukuha kong bahagi mula sa aming kooperatiba," sabi ni Mang Fernando.

Alam niya, pinoproseso ng kanilang kooperatiba ang gatas sa paggawa ng iba't ibang produkto na kagaya ng milk soap, white cheese, ice cream, milk bars, at ng mga inuming tulad ng fresh milk, choco milk, mango-flavored milk, at yoghurt. Isinasangkap din ng kooperatiba ang gatas sa paggawa ng tinapay at pastries.

Talastas din niya na ang mga produkto ng kanilang kooperatiba ay ibinebenta sa iba't ibang outlets sa Bohol.

"Sa isang magsasakang tulad ko, malaking tulong para sa aking pamilya ang aking kita mula sa gatas para magkaroon ng maayos na buhay," badya ni Mang Fernando.

Bukod kay Mang Fernando, marami pang pamilya sa Bohol ang may karanasan sa pamumuhay na katulad ng sa kanya. Sa araw-araw, ma-pababae o lalake man, sa umaga'y abala sila sa kani-kanilang paggagatas ng kani-kanilang kalabaw at nagtutulung-tulong din sa mga gawaing bukid.

Sabihin pa, sila aniya'y nasisiyahan dahil sa sila'y maligayang kumikita nang sapat mula sa kanilang mga gawain.

📍 Dupalco's Farm, Ubay, Bohol

Ngiti ng Tagumpay sa UBAY

NI MERVALYN O. TOMAS

Mayroong 500 ang miyembro ng BoDaCo na pawang mga magsasakang-maggagatas.

Binubuo ang BoDaCo ng 23 cluster member-associations na inaasistehan ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Ubay Stock Farm (PCC @ USF) sa Bohol.

Matagumpay na kooperatiba

Ayon kay Dr. Caro Salces, center director ng PCC @ USF, nag-umpisa ang asosasyon noong 1998. Nagsimula ito bilang isang maliit na kooperatiba na tinawag na Ubay Dairy Multipurpose Cooperative (UDAMCO) na unang nakatanggap ng Bulgarian Murrah Buffalo mula sa PCC. Kalaunan, isa pang kooperatiba ang naitatag sa tulong ng PCC, ang Mabini Dairy Multipurpose Cooperative (MADAMCO).

"Sinanay ang mga miyembro ng mga kooperatibang ito sa paggawa ng mga produktong ang sangkap ay gatas ng kalabaw. Sinanay din sila sa tamang pamamahala sa pondo ng kooperatiba, at kung paano pamunuan at patatagin ang samahan," paliwanag ni Dr. Salces.

Dagdag pa niya, maraming miyembro ang naging interesado at sumuong sa paggagatas at pagpoproseso ng gatas ng kalabaw. Ang gawain ay lumago hanggang sa mabuo ang isang mahusay na sistema ng pagpoproseso at pagbebenta.

Apat na klase ng produkto ang naibebenta nila sa panahong iyon - chocomilk, pasteurized milk, milk bars, at pastillas de leche. Upang mas mapabuti pa ang marketing strategy, pinagsama ang dalawang grupo, kasama ang Ubay Carabao Raisers Association, at pinangalanan itong Ubay Federation of Carabao Raisers and Related Association (UFECARA).

Dahil lumaki ang asosasyon at nagkaroon ng mga miyembrong galing sa iba pang bayan na tulad ng San Miguel, Alicia, at Dagohoy, ang samahan ay naging Bohol Dairy Producers Association (BoDPA), ayon pa kay Dr. Salces.

Kuwento pa niya, tuluyang naging malaking kooperatiba ang asosasyon kaya't noong 2016 ay ginawa itong Bohol Dairy Cooperative (BoDaCo).

"Sa isang magsasakang tulad ko, malaking tulong para sa aking pamilya ang aking kita mula sa gatas para magkaroon ng maayos na buhay".

- Fernando Dupalco
Member, BODACO

"Nagpapasalamat din kami na inaprubahan ngayong taong ito ng Philippine Rural Development Project (PRDP) ang hiningi naming pondo na mahigit na siyam na milyong piso," saad niya.

Nakalikom na rin ang kooperatiba nang malaki-laking kita sa mga proyekto nito.

"Mayroon kaming mahigit isang milyong pisong net income noong nakaraang taon mula sa aming pinagbilhan ng sariwang gatas at mga produktong gawa sa gatas," sabi naman ni Shirley Molina, chairman ng BDC.

Malaki ang pasasalamat ng mga miyembro sa kinikita ng kanilang kooperatiba.

"Malaki ang naitulong ng BDC dahil maliban sa may siguradong magbebenta ng mga gatas namin ay mayroon din kaming income share. P'uede pa kaming mag-cash advance kapag may dagliang pangangailangan kami," sabi ni Mang Fernando.

Alalay ng pamahalaang panlalawigan

Ayon pa kay Dr. Salces, ang BoDaCo ay nasa ilalim ngayon ng Dairy Development Program ng Office of the Provincial Veterinarian ng Bohol.

Ang programang ito ay sinimulan noong 2010 sa pakikipag-ugnayan ng PCC at sa tulong ng gobyerno ng Bohol at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), ayon kay Dr. Salces.

Paliwanag niya, sa taon ding ito ay nasimulan ang "Gatas sa eskwelahan para sa kabataan ug katauhan". Sampung eskwelahan ang unang naging distributor ng mga dairy products hanggang maging 41 na elementary at high schools noong 2016.

Sa proyektong ito ay nagsasagawa din ng milk feeding program para sa mga undernourished na bata sa mga bayan ng Mabini, Ubay, Carlos P. Garcia, Alicia, Pilar at Candijay sa Bohol.

May mga inupahang walong dairy technicians ang proyekto upang mangolekta ng aning gatas ng mga magsasaka dahil malalayo ang bukid nila sa processing center. Bukod dito, naatasan din silang manghikayat ng mga magsasaka na sumubok sa paggagatas ng kalabaw, kwento ni Dr. Salces.

Dagdag pa niya, nagbibigay ang proyekto ng loan assistance sa mga may livestock, poultry, at vegetable farms. Kasama na rito ang credit assistance sa mga enterprise

Pagkakalabawan, umakma sa **FIRST LOVE** ng isang matagumpay na negosyante

NI MA.CECILIA C. IRANG

"First love never dies." (Hindi raw talagang nawawala ang unang pag-ibig.)

Para kay Mr. Roger Lo, 55, ng Zarraga, Iloilo, umakma sa kanya ang kasabihang ito dahil kahit gaano na katayog ang naabot niya sa pag-aaral at pagtatrabaho ay bumabalik pa rin siya sa kanyang "first love"— pagsasaka at paghahayupan (farming).

Nakatapos noon si Mr. Lo ng kursong Bachelor of Science in Architecture sa San Agustin, Iloilo. Nguni't hindi siya naghanap ng trabaho na may kaugnayan sa kanyang tinapos na kurso. Ang nasa isip lamang niya noon ay basta makapagtapos lang ng pag-aaral.

Palibhasa'y mahilig sa gawain sa bukid, sinubukan niya ang pagpapalaisdaan. Gayunman, hindi siya nagtagal sa larangang iyon. Ipinasya niyang kumuha ng kursong nursing sa Western Mindanao State University at natapos naman niya ito.

Siya'y nagtrabaho pagkatapos sa United Kingdom (UK). Pero doon, patuloy siyang nagsagawa ng pananaliksik upang malaman ang pamamaraan kung paanong mapakinabangan ang 10 ektaryang lupain ng kanilang pamilya sa Zarraga.

"Napagtanto ko na kahit may iba na akong pinagkakaabalahanan ay talagang 'di nawawala sa isip ko ang farming. Iniwan ko ang aking trabaho at bumalik ng bansa para idebelop 'yong lupain namin. Sabi nga nila, kung saan ka masaya, doon ka," wika ni Mr. Lo.

Sa kanyang pagbalik, nagsimula siya ng iba't-ibang proyekto sa

kanilang lupain. Sinubukan niyang mag-alaga ng itik, native na manok, at magpalayan subali't hindi niya naituloy dahil sa nakitang kabiguan.

Bahain kasi ang kanilang lupang agrikultural.

Pagkakalabaw

Sa kabila ng hindi pagtatagumpay sa mga sinubukang proyekto, hindi naman nawalan ng pag-asa si Mr. Lo na darating din ang araw na makatatagpo siya ng gawaing angkop sa kanilang lupain at pangmatagalan. Noon niya naipasyang mag-alaga ng mga kalabaw.

"Nagsimula akong mag-alaga ng limang native na kalabaw. Nakita ko 'yong tibay nila, na kahit bahain 'yong lugar na kinalalagyan e 'di sila masyadong naapektuhan. Ang kailangan lamang ay ililipat sila sa kataasan o 'yong lugar na 'di inaabot ng baha," sabi niya.

Pero may isa siyang naging problema. Hindi nagbubuntis ang kanyang mga alagang kalabaw.

Nagsaliksik siya sa internet upang hanapin ang katugunan sa kanyang problema. Noon niya nabasa ang

ilang mga artikulo tungkol sa Philippine Carabao Center (PCC). Agad siyang nakipag-ugnayan sa tanggapan ng PCC sa West Visayas State University (PCC@WVSU) sa Calinog, Iloilo.

"Nagpursige talaga ako na malaman kung paano mag-alaga ng kalabaw kaya pinadala ko 'yong tauhan ko sa Calinog para magsanay," wika niya.

Nagsimulang bumili ng mga crossbreds o mestisang kalabaw si Mr. Lo noong Agosto 2015. Nalaman kasi niya ang potensiyal ng mga alagaing ito sa pagbibigay ng maraming gatas na puwede naman niyang pagkakitaan.

Ayon sa kanya, nabili niya ang mga crossbred sa halagang Php30,000 hanggang Php35,000 bawa't isa. Ang mga ito'y mula sa mga magsasaka sa Regional Impact Zone ng PCC@WVSU sa Calinog. Unti-unti rin niyang ibinenta ang mga native niyang kalabaw para ipalit ang mga crossbred.

Ayon kay Mr. Lo, ipinasya na rin niyang patambakan ang lugar na pag-aalagaan sa mga kalabaw para hindi bahain sa tuwing uulan. Kanya rin ipinaayos ang kural ng mga natipong alagang kalabaw.

Pangmatagalang gawain

Si Mr. Lo ay naging isa ring cement trader ng "Mineral and Management Corporation" sa Maynila. Siya'y ginawang tagapamahala ng sangay ng kumpanya sa La Union.

Nguni't hindi niya lubusang tinalikdan ang pagkakalabawan.

Suportado siya, aniya, ng kanyang asawang si Ma. Theresa sa pag-aalaga ng mga crossbreds. Maging ang kanyang Nanay na si Ginang Nilda ay katuwang din niya sa pagmo-monitor ng mga tauhan niya sa mga gawain sa bukid at pag-aalaga ng mga kalabaw sa Iloilo. Aniya, lubhang naging malaking tulong sa kanya ang kanyang asawa at kanyang ina para sa pangangalaga sa kanyang mga kalabaw.

Kadalasang umuuwi si Mr. Lo sa Iloilo isang beses sa isang buwan para personal din niyang ma-monitor ang mga alagang crossbreds na nagagatasan na.

Ayon pa sa kanya, tagatangkilik din ng gatas ng kalabaw ang kanyang pamilya dahil alam nilang mainam ito sa kalusugan ng tao.

"Umiinom talaga kami ng gatas ng kalabaw dahil na-research ko na hindi ito mataas sa cholesterol pero mataas naman sa enerhiya at protina. Talagang kapag umiinom kami nito ay hindi kami madaling magutom," saad niya.

Sa tuwing tag-araw, aniya, ay gumagawa sila ng ice candy na gamit ang gatas ng kalabaw lalo na kapag sumusobra na ang naani nilang gatas. Ibinibenta nila ito sa halagang Php5 bawa't isa.

Pagdami ng alaga

Ayon kay Zalde Labanon, 40, farm caretaker, organiko ang pakain nila sa mga alagang crossbreds. Hindi sila, aniya, nagpapakain ng binibiling feeds dahil mas sanay ang mga

kalabaw nila na purong damo ang pakain.

Hindi naman, aniya, bumababa sa 4.5 ang body condition score ng karamihan sa mga inaalagaan nilang crossbreds. Ang ibig sabihin nito, aniya, ay magaganda ang pangangatawan ng kanilang mga alagang kalabaw.

Sa kasalukuyan, 21 na ang kabuuang bilang ng mga alagang crossbreds ni Mr. Lo. Ang apat sa mga ito ay lalake at 17 ang babae na ang anim sa mga ito ay ginagatasan. Nasa karaniwang 3.5 litrong gatas ang naani ni Zalde sa bawa't isang crossbred.

Regular nilang mamimili ng gatas ang mga bumbay na karaniwang kumukuha sa kanila ng 10 litro hanggang 30 litro na binabayaran sa kanila sa halagang Php80 kada litro.

Minsan isang buwan naman ay nagde-deliver sila ng gatas sa PCC@WVSU para doon ibenta sakaling hindi bumili ang mga bumbay sa kanila.

Ayon kay Dr. Myrtel Alcazar, Science Research Specialist II ng PCC@WVSU, plano ng center na magpahiram ng purong-lahing bulugang kalabaw sa farm ni Mr. Lo para magkaroon ito ng lalong maayos na breeding program.

"Pwede nating himukin si Mr. Lo na mag-apply sa bull loan program ng PCC para matutukan ang mahusay na breeding ng kanyang mga alagang hayop. Sayang kung hindi mabubuntis ang mga kalabaw, wala silang aanihing gatas," ani Dr. Alcazar.

'Pagliligtas' sa mga crossbreds

Ayon kay Janice Cuaresma, carabao-based enterprise development coordinator ng PCC@WVSU, isa si Mr. Lo sa mga tagapagligtas ng mga magagandang crossbreds sa Iloilo para hindi mapunta sa katayan.

Gayunman, may itinakdang

pamantayan si Mr. Lo sa pagbili ng crossbreds.

"Nakabase ako sa presentasyon ng taga-benta kung ano ang record noong kalabaw, kung nanganak na ito at ilang litrong gatas ang nakuha, 'yung BCS ay ayos, at 'yong suso ng hayop ay dapat akma sa paggagatasan," paliwanag ni Mr. Lo.

Pinaplano niya ngayon, ayon kay Mr. Lo, na sa pag-aalaga ng kalabaw ay makapagprodyus siya ng may mataas na lahing crossbreds para mas marami ang maaning gatas.

"Nakatutuwang isipin na kahit na may personal akong career sa buhay ay nagawa ko pa ring balikan ang gustung-gusto ko talagang hilig sa pagbubukid at pag-aalaga ng hayop," sabi ni Mr. Lo.

At kanyang nakangiting idinagdag:



"Naging posible ito dahil sa nasumpungan ko ang gawaing pag-aalaga ng kalabaw. Hindi ito pansamantala, hindi nalulusaw ng baha, at talagang ito'y isang pangmatagalang gawain na may ganting kapakinabangan." 

Mahusay na liderato, pagtutulungan ipinakikita sa **PAGKAKALABAWAN** sa Iloilo

Marunong makisama, malakas ang loob at may kaluguran sa lahat ng ginagawa.

Ito ang tatlong mahahalagang katangiang dapat taglayin ng isang lider para maseguro ang pag-unlad ng isang samahan, ayon kay Marlon Cerbo, 48, chairman ng Calinog-Lambunao-Bingawan Carabao-Based Entrepreneurs' Association (CLB-CARES) sa Iloilo.

Natanto niyang ganap ang mga katangiang ito nang siya'y maging chairman ng CLB-CARES noong Mayo 2015, limang buwan matapos siyang sumapi sa asosasyon. Ginawa na rin niyang gabay ang mga katangiang ito sa matagumpay niyang pamumuno.

"Natuto akong makisama sa lahat ng mga miyembro at personal ang pakikitungo ko sa kanila. Pinupuntahan ko sila at kinukumusta," ani Cerbo.

Pero maliban sa pakikisama, aniya, dapat ding malakas ang loob ng lider, kayang harapin ng may paninindigan ang mga hamon bilang chairman, masaya sa ginagawa at hindi napipilitan lamang.

Pagbabago sa asosasyon

Ang CLB-CARES ay isa sa mga asosasyong inaasistehan ng Philippine Carabao Center sa West Visayas State University (PCC@WVSU) sa Calinog, Iloilo. Tatlong bayan ang sakop ng asosasyong ito

na kabilang ang Calinog, Lambunao at Bingawan.

Ayon kay Dr. Myrtel Alcazar, Science Research Specialist II ng PCC@WVSU, iilan lang kasi ang may alagang crossbred sa nasabing mga bayan kaya tatlong bayan ang naging sakop ng asosasyon. Aniya, kahingian ng Department of Labor and Employment (DOLE) na hindi bababa sa 15 ang miyembro sa pagpaparehistro ng isang asosasyon.

Narehistro ang CLB-CARES noong 2008. Kasunod nito, ito'y napahiraman ng 22 Bulgarian murrh buffaloes ng PCC@WVSU.

Ayon naman kay Janice Cuaresma, carabao-based enterprise development coordinator ng PCC@WVSU, mabuwag sa paggagatasan ang asosasyon noon. Hindi lahat ng mga miyembro, aniya, ay gumagatas ng kanilang alagang hayop noon.

Nguni't sa pamumuno ni Cerbo, dagdag niya, nahikayat niya ang mga miyembro na magsagawa ng palagiang paggagatas para sa kani-kanilang kapakanan at sa asosasyon.

Ginawa na rin itong isang polisiya ni Chairman Cerbo. Ang mga miyembrong hindi na aktibo, ayaw gumatas at hindi dumadalo sa mga pagpupulong ay sinusulatan niya. Kapag hindi sumagot, tinatangal sila bilang kasapi.

Sa orihinal na mga miyembro, tatlo na lamang ang natira. Sila'y nahalinhan naman ng mga bagong

miyembro na lubhang aktibo sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Sa kasalukyan, 17 ang aktibong miyembro ng CLB-CARE na ang 11 ay mula sa Calinog, apat sa Lambunao at dalawa sa Bingawan.

"Nang sumapi ako sa asosasyon, mayroon lang tig-isa o tig-dadalawang crossbreds ang mga miyembro. Ngayon, dumami na ang kanilang inaalaan dahil nakita nila na malaki ang pakinabang sa mga ito," ani Chairman Cerbo.

Nasa 58 na ang mga alagang kalabaw ng mga miyembro ng CLB-CARE. Dalawampu't tatlo rito ang Bulgarian murrh buffaloes, 28 ang crossbreds at pito ang native.

Nang nakaraang taon ay umabot sa 13,595.88 litro ng gatas nila na nagkakahalaga ng Php951,711.6 ang naibenta nila. Ibinibenta nila ang gatas sa PCC@WVSU sa halagang Php70 kada litro.

"Talagang umaangat ang kalagayan ng mga miyembro at asosasyon namin. Lumaki na ang aming pondo at nakalinya na ang mga proyektong aming isasagawa. Dati, sisinghap-singhap lang ang aming asosasyon," wika ni Chairman.

Kasalukuyang pinagkakakitaan ng asosasyon ang paggawa at pagbebenta ng organikong pataba na gamit ang dumi ng kalabaw. Gumagawa rin ito at nagbebenta ng sabon na ang sangkap ay gatas ng kalabaw.

Paraan ng pamumuno

Maliban sa paghihikayat sa mga miyembro na gumatas, patuloy rin ang paghimok ni Chairman Cerbo sa mga miyembro na magtanim ng mga pakain sa mga alagang kalabaw. Kanya ring iminumungkahing iayos nang mabuti ang kural ng kanilang mga alagang hayop para ang mga ito'y di-laging nakalublob sa putikan at nang sa gayo'y matiyak ang mahusay na kalidad ng gatas.

Nagpapahiram ng kaukulang halaga ang asosasyon para sa pagpapagawa at pagpapaayos ng kural na may pataw lamang na 2% interes. Kada linggo ay kinakaltas ang kaukulang halaga sa bayad ng ipinapasok nilang gatas sa asosasyon.

Dahil sa estratehiyang ito, sabi ni Chairman Cerbo, 80% na sa mga miyembro ang may maayos na kulungan ng kalabaw.

Nagsasagawa rin ng iba't-ibang promotional activities ang CLB-CARES tulad ng milk feeding sa mga piling eskwelahan sa kanilang lugar. Ginagawa naman itong oportunidad ni chairman Cerbo para makahikayat ng iba pang may nais sumali sa programa.

"Napatunayan ko sa aking sariling karanasan na matapos akong mahikayat ni Anjo Palmes, isang village-based artificial insemination technician ng PCC@WVSU, na bumili ng gatasang kalabaw na totoong may kita sa gatas ng kalabaw. Kaya naman ginusto ko na marami pa sa aming lugar ang makinabang sa programang ito ng PCC," ani Chairman Cerbo.

Nakalinyang plano, proyekto

Ayon kay Janice Cuaresma, unti-unti ay ililipat na nila sa CLB-CARES ang processing at marketing operations ng gatas na ani ng mga miyembro.

SUNDAN SA **PAHINA 24**

📍 Cerbo's Farm, Calinog, Iloilo



"Minsan nakatatakot 'yong mga nakaabang na mga hamon sa grupo namin dahil baka hindi ko magawa bilang lider. Pero dahil nakasuporta naman ang aming mga miyembro at ang PCC@WVSU, natitiyak kong matagumpay na matutugunan ang mga hamon".

-Marlon Cerbo

Pananaw sa Can-ato ‘KAYA NATIN ITO’

NI ERIC P. PALACPAC

“Giginhawa rin ang buhay namin dahil sa mga mestisang kalabaw”, ito ang positibong bulalas-pananaw ni Narciso “Narcing” Buenafe ng Barangay Can-ato, Llorente, Eastern Samar.

Si Ka Narcing, 65, ay pinuno ng Can-ato Farmers Association (CFA) na binuo matapos ang pamiminsala sa Eastern Samar ng bagyong Yolanda noong 2014. Sa pamamagitan ng People in Need (PIN), isang non-government at non-profit organization sa Czech Republic, kasama ang ACTED ng France at HELVETAS Swiss Intercooperation at Swiss Solidarity ng Switzerland, napagkalooban ang CFA ng tulong-pangkabuhayan upang makaahon sa pagkakalugmok sa debastasyong dulot ng bagyo.

Naunang ipinakilala at itinuro ng PIN sa mga kasapi ng CFA ang pagtatanim ng gulay, gaya ng repolyo, kamatis, letsugas, sili, ampalaya, carrots, at iba pa. Naipagbili nila ang mga ani nitong nagdaang Disyembre.

Nang buwang ding iyon, pinagkalooban ang CFA ng limang crossbred o mestisang kalabaw

mula sa pondo ng Swiss Solidarity. May mga edad na 18 buwan at nagkakahalaga ng Php35,000 ang isa, binili ang mga hayop sa Larrazabal Farm sa Ormoc City, Leyte.

“Di muna namin ipinaalam na bibigyan din naming sila ng kalabaw. Sa dami kasi ng mga barangay na nilapitan namin para sa paggugulayan, dalawa lang ang nagtuloy sa proyekto. Ito ang kumumbinse sa ‘min na sila’y talagang seryoso’t desidido na itaguyod ang proyektong amin ngang ipinakilala,” salaysay ni Dr. Celso Insoy, beterinaryo at livestock technician ng PIN.

Isa ang Can-ato sa kanila. Ang isa pa ay ang Tagaslian sa bayan ng Maydolong.

“Dahil maraming native na kalabaw sa Eastern Samar, iminungkahi ko sa aming supervisor na makipag-ugnayan din kami sa PCC, partikular kay Dr. Julius Abela na dati kong propesor sa Visayas State University (VSU), para sa karagdagang proyektong paghahayupan”, dagdag ni Dr. Insoy.

Sinamahan nina Dr. Insoy ang mga taga-CFA sa istasyon ng PCC@VSU

sa Baybay, Leyte nang nakaraang Agosto para saksiha’t pag-aralan sa loob ng isang linggo ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw at pagpoproseso ng gatas.

“Marami kaming natutunan sa PCC@VSU. Natikman at naibigan namin ang kanilang pastillas at chocomilk”, ani Ka Narcing. “Nag-uwi kami ng mga binhi ng napier, trichantera, at guinea at itinanim namin”, dagdag pa niya.

Laking gulat nga nila nang ibalita ni Dr. Insoy na sila’y bibigyan ng kalabaw.

“N’ong una, duda kami”, sambit ni Ka Narcing. “Malayo ang Can-ato sa kabayanan, tatawid pa ng ilog, at sadyang mahirap na makaabot ang tulong pangkabuhayan sa ‘min”, kanyang dagdag.


Hindi agad dumating ang mga kalabaw. Gayunman, nagsagawa ang PCC@VSU ng serye ng artificial insemination (AI) sa mga native na kalabaw sa barangay bilang pagbubukas-kamalayan sa pagkakaroon ng gatasang kalabaw.

Dumating ang mga kalabaw noong Disyembre 21, 2016. Isang simpleng seremonya ang ginanap



“Ang mga lalaking bulo ay palalakihi’t sasanaying pantrabaho sa bukid. “Yong mga babae’y aming pararamihin. Ang gatas ay gagawing kesong puti at chocomilk. Kung nangyari ‘to sa ‘kin nang ako’y 30 anyos pa lang, tiyak malayo na ang narating ko sa pagkakalabaw. Pero di pa naman huli ang lahat. Itataguyod ko’t ng aking mga kasapi ang proyektong ‘to. Sabi ko rin sa mga apo ko, ito’y para rin sa kanilang kinabukasan kaya’t tangkilikin nila ‘to.”

-Narciso Buenafe
Chairman, CFA



na dinaluhan ng mga kinatawan ng PCC@VSU (sa pangunguna ni Dr. Abela), PIN, at pamahalaan ng Llorente sa pamumuno ni Mayor Daniel Boco.

Nangako naman agad, si Mayor Boco ng pondo para sa karagdagang limang mestisang kalabaw. Si Mayor Boco daw ang unang mayor na bumisita sa Can-ato sa matagal na panahon, bagay na nagpatibay na talagang seryoso ang pamahalaan sa pagtulong sa CFA.

Inaalagaan ngayon ng 16 na miyembro ang limang kalabaw. Apat na grupo, na may tig-aapat na miyembro, ang salitan sa bawa’t linggo. Nasa isang malaking kural, na ipinagawa ng PIN batay sa deskripsyon sa PCC Dairy Buffalo Handbook, ang mga kalabaw. Nasa lote na ari ng kamag-anak ni Ka Narcing ang kural.

Sineserbisuhan ng AI nina Dr. Insoy

at PCC@VSU technician Sammy Gahoy ang mga kalabaw. Batay sa nakikita, buo ang pag-asa nilang magaganap ang inaasahan.

Naihanda na ng PIN ang pagsasapamilihan sa aanihing gatas at mga produkto nito.

“Sa totoo lang, parte ang paggugulayan at pagkakalabaw sa market system development na inisip ng consultant sa PIN. Ito’y tugon sa problema sa Eastern Samar na bagama’t magaling ang mga magsasaka sa produksyon, wala naman silang merkado ng mga produkto,” ani Dr. Insoy.

Nasolusyunan ang problema sa ani sa paggugulayan. Sa aanihing gatas, mayroon na rin, aniya, na market contacts sa Tacloban City, Borongan City at Guian.

May mga plano na rin si Ka Narcing sa magsisipanganak at daraming

mga kalabaw.

“Ang mga lalaking bulo ay palalakihi’t sasanaying pantrabaho sa bukid. “Yong mga babae’y aming pararamihin. Ang gatas ay gagawing kesong puti at chocomilk,” aniya.

Dagdag niya: “Kung nangyari ‘to sa ‘kin nang ako’y 30 anyos pa lang, tiyak malayo na ang narating ko sa pagkakalabaw. Pero di pa naman huli ang lahat. Itataguyod ko’t ng aking mga kasapi ang proyektong ‘to. Sabi ko rin sa mga apo ko, ito’y para rin sa kanilang kinabukasan kaya’t tangkilikin nila ‘to.”

Sa pagkakalabawan, marami pang mga pagsubok at gawain ang pagdaraan ng mga kasapi ng CFA bago ang minimithing tagumpay. Nguni’t isang bagay ang tiyak: sa pakikipagtulungan ng mga kabalikat na mga ahenisya, hindi nalalayo ang panahon na matatamo nila ito. **K**



📍 Brgy. Tacurong, Leon, Iloilo

NAIIBANG PAKIKIBAKA para sa kaayusan, kaunlaran

NI MERVALYN O. TOMAS

“Nang Nitang” ang tawag sa kanya ng karamihan sa Tacuyong, Leon, Iloilo. Sa pamumundok, siya si Kumander Soraya.

Ang buo niyang pangalan ay Neonita Capirayan, isang nilikhang kung turinga’y may laging nakahandang ngiti sa bawa’t taong nakasalamuha o nakakasalubong niya. Noon, maraming taon na ang nakalilipas, maigting ang kanyang pakikibaka upang makita ang lipunang sa tingin niya ay punung-puno ng kabalintunaan.

Kabilang na sa kabalintunaan ay ang tila wala nang puwang na pag-angat ng mga mahihirap na tila lalo pang naghihirap habang patuloy namang nagsisiyaman ang mayayaman na. At gayundin ang inhustisya na tila patuloy sa pag-iral sa lipunan.

Nabago ang porma ng pakikibakang iyon. Nguni’t hindi ang sidhi at katausan sa pagsisikap upang marating ang pinapangarap na hantungan.

Sinamang-palad na mahuli si Kumander Soraya noong 1995 nang bumaba siya sa pamumundok upang bisitahin ang kanyang mga anak sa kaibigang nag-aalaga sa mga ito. Nang makalaya, hindi na niya ninais pang bumalik sa pamumundok at ipinasyang ilaan ang kanyang panahon sa pagpapalaki at pag-aalaga sa kanyang mga anak.

“Kaya kong harapin ang kamatayan nang walang takot pero hindi ko maatim na hayaang lumaki ang aking mga anak na di-responsableng miyembro ng lipunan. Kailangan nila ako para sila’y magabayang mabuti,” sabi niya.

Nagkataon ding mayroong mga programa ang gobyerno sa kanilang bayan at naging instrumento ito para tuluyan na niyang talikdan ang buhay na namumundok para ipaglaban ang mga pinaniniwalaan at mga hangarin upang makita ang pagbabago sa lipunan.

“Sumali ako, kasama na ang marami sa aking mga kababayan, sa mga programa ng gobyerno na kagaya ng mga itinataguyod ng Department of Agriculture (DA). Dito ko nagamit ang aking mga nalalaman sa pag-organisa at pag-mobilize ng mga tao para sa isang layunin,” sabi niya.

Negosyong-salig-sa-kalabaw

Sa pinamumunuan niyang Movement for Agrarian and Rural Advancement (MARA), isang grupo na nasa ilalim ng Philippine Association of Small Coconut Farmer Organization (PASCFO), nagagawa niyang isulong ang importansiya ng pakikiisa at pakikipagtulungan na nagsisimula sa pinakamaliit na yunit ng lipunan na, dili’t iba, kundi ang pamilya.

Napagwari niya na ang negosyong-salig-sa-kalabaw ay isang magandang negosyong-pampamilya na kung saan mahuhubog ang mabuting-asal ng mga kabataan.

“Natitiyak kong malaki ang maitutulong nito upang magising ang kamalayan ng kabataan sa kultura ng volunteerism. Kahit ang mga batang nasa elementarya pa lang ay maaaring turuang magpakain ng kalabaw at mag-record kung magkano ang kinikita mula sa kanilang inaaning gatas,” sabi niya.

Ayon kay Perlito Echeche, Chairman ng PASCFO, nag-umpisa silang makipag-ugnayan sa Philippine Carabao Center sa Western Visayas State University (PCC @ WVSU) noong 2013 para sa pagpaparami at pag-aalaga ng kalabaw na maaaring katayin. Nitong nakaraang taon, napagpasiyahan nilang pumalaot sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw dahil nakita nila na malaki rin ang maaaring kitain sa gawaing ito.

Sa ngayon ay mayroon nang 47 miyembro ng kanilang samahan ang nag-aalaga ng gatasang kalabaw, sampu sa mga ito ay miyembro ng MARA, ayon kay Echeche.

Iba pang benipisyo sa pag-aalaga ng kalabaw

Ayon kay Nang Nita, nakita ng grupo nila ang kagandahan ng pag-aalaga ng kalabaw dahil bukod sa malaking kitang maaaring maibigay nito, nagdudulot pa ito ng karagdagang benepisyo para sa mga magsasakang ang pangunahing produkto ay niyog.

“Dahil isinusulong namin ang integrated farming na kung saan pinagtatanim namin ang mga miyembro ng iba’t ibang klase ng gulay at pinag-aalaga din sila ng hayop, idinaragdag namin ang paghihikayat sa kanila na painumin din ng gatas ang iba pa nilang alagang hayop upang lumakas ang resistensiya ng mga ito,” dagdag niya.

Bilang karagdagan pang pagbibigay ng impormasyon, ipinaliwanag niya na maaari ring gamiting sangkap ang gatas sa paggawa ng lactic acid bacteria serum na ipinang-i-spray sa mga halaman upang lumakas ang resistensiya ng mga ito laban sa virus. Sa kabilang dako naman, sinabi rin niyang ang dumi ng kalabaw ay maaari ring gamitin bilang pataba para sa iba pang mga pananim tulad ng gulay.

Paghikayat sa mga miyembro

Ang nakaraang karanasan ni Nang Nita sa pag-oorganisa ng grupo ay nagamit niya upang makapaghikayat ng mga miyembrong mag-aalaga ng gatasang kalabaw.

“Ipinaliwanag ko sa kanila na maraming maaaring bumili sa mga produkto ng gatas,” sabi niya.

Dagdag pa niya, marami ring mga tourist spot sa Leon kaya’t maraming magagawang outlets para sa pagbebenta ng mga dinibelop nilang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw.

Ayon pa sa kanya, kanyang ganap na ipinaunawa na ang

May-pusong paglilingkod, pakikiisa para sa **KAUNLARAN**

NI MERVALYN O. TOMAS

Minsan sa kanyang buhay, dinala siya ng kanyang mga prinsipyo sa kalsada upang makiisa sa pagsigaw para sa pagbabago sa lipunan. Bilang isang aktibistang kabataan sa panahong iyon, matiim niyang hangarin at pinagpupunyagi ang makita ang pagbabago sa buhay ng karaniwang Pilipino.

Nguni't kumain iyon ng mga taon.

Hanggang dumating ang pagkakataon na maiatang sa kanyang balikat na siya mismo ang kumilos at ibuhos ang kanyang kakayahan, hindi sa pagsigaw lamang, kundi sa pagtulong din sa mga tao sa kanyang lugar na magkaroon ng mas nakabubuting uri ng buhay at pamumuhay.

Siya ay si Barangay Chairman Rodel Evidente ng Burgos, Cadiz, Negros Occidental na itinuturing na isang "ebidensya" ng totoong paglilingkod para sa masang Pilipino.

"Nakita ko kung gaano nahihirapan sa kabuhatan ang mga tao sa aking nasasakupan. Kaya inibig kong magkaroon sila ng alternatibong mapagkukunan ng ikabubuhay. Ginusto ko rin na paunlarin ang barangay namin at doon nalundo ang aking pagsisikap," sabi niya.

Pag-aalaga ng gatasang kalabaw ang isa sa mga nasumpungan niyang mapagkukunan ng ikabubuhay ng kanyang mga

kabarangay.

Pakikiisang nagbibigay ng pag-asa

Sa pakikipagtulungan ng Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (PCC @ LCSF), pamahalaang panlunsod ng Cadiz, at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa Region VI, bumuo sila noon ng asosasyon ng mga sasanayin sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw sa Burgos.

Mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), isang programa ng DSWD na tumutulong sa mga mahihirap na pamilyang Pilipino, ang mga nahirang na miyembro ng kanilang asosasyon.

Ayon kay Saturnino Dayanan, science research specialist II ng PCC @ LCSF, nag-umpisa ang pagtutulongang ito nang magkausap sila ni Evidente minsang nagkita sila sa Cadiz. Napag-usapan nila ang tungkol sa negosyong-salig sa gatasang kalabaw. Natanto ni Evidente ang kainaman nito at lumapit siya sa kanyang kakilala sa DSWD upang makahingi ng tulong.

Dito nagsimula ang pagpapalano at pagkilos nila upang maturuan ang miyembro ng asosasyon tungkol sa pagkakalabawan hanggang sa mailatag nila ang mga hakbanging pangkalahatang kalabaw hanggang sa pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas nito.

Sa tulong ni Michael Anotado,

Regional Project Development Officer ng Sustainable Livelihood Project, nabigyan ang asosasyon ng pondong isang milyong piso mula sa DSWD para sa pagbili ng mga kalabaw.

Nakahiram naman si Evidente ng isang lagay ng lupa na may sukat na 1.2 ha na gagamitin nila para sa kural at taniman ng pakain para sa mga kalabaw. Pinayagan silang gamitin ang loteng ito sa loob ng sampung taon.

Plano na rin nilang magpatayo ng processing area sa loteng ito.

"Mayroon nang inaprubahan ang DSWD na pondo para sa milk processing project na nagkakahalaga ng Php 700,000. Maaari na itong gamitin ngayong taon. Ang kailangan na lang ay magsanay ang kaukulang mga tao sa pagpoproseso ng gatas," sabi ni Anotado.

Sa ngayon, nagsasanay ang PCC ng mga miyembro ng asosasyon sa pamamahala at pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Sa kalaunan ay sasanayin na rin ang iba pang miyembro para sa pagpoproseso ng gatas ng kalabaw sa paggawa ng iba't ibang produkto.

Mga pagsisikap

Ayon kay Anotado, naging mahirap din ang pagkumbinsi niya sa DSWD upang pondohan ang proyekto dahil na rin sa nakikitang katagalan bago maihatid ang inaasahang mga biyaya nito.



📍 Brgy. Burgos, Cadiz, Negros Occidental

"Sana'y maging isang halimbawa ang aming lugar at ang aming mga ginawa tungo sa progresibong pagsulong para sa kaunlaran. Sana'y tuntunin din ng iba pang lider ang landas at mga hakbanging aming ginawa nang sa gayon ay matamo na ng bansang Pilipinas ang matagal nitong inaasam na pag-unlad".

-Brgy. Chairman Rodel Evidente
Burgos, Cadiz, Negros Occidental

"Kinailangan kong pag-aralan ang tungkol sa pagkakalabawan upang ganap kong maipaliwanag kung gaano kalaki ang maaaring kitain sa pagkakalabawan. Dahil sa pag-aaral kong isinagawa, para na rin akong tunay na isang eksperto sa larangang ito sa ginawa kong pagpapaliwanag," dagdag pa niya.

Inilahad niya na sa ngayon ay gagawin muna nila ang mga narapat na isagawa para sa epektibong stratehiya para paramihin ang sampung gatasang kalabaw na ibinigay sa kanilang asosasyon.

Ayon naman kay Evidente, natatanaw niya ang malaking pag-asa na lubhang makatutulong ang pagkakalabawan sa pagpapaunlad ng kabuhatan sa kanilang barangay dahil nakikita niyang may malaking pamilihan sa kanilang lunsod hindi lang para sa fresh milk kundi sa iba pang produktong gawa sa gatas ng

kalabaw.

"Mayroong milk supplementation program ang gobyerno. May programa ang DSWD, may pondo rin ang city government ng Cadiz, at iba pa ang pondo ng barangay Burgos kaya talagang may magandang pupuntahan ang proyektong ito," sabi ni Evidente.

Dagdag pa niya, ang kanilang lugar ay daanan ng mga turista patungo sa Lakawon Island na matatagpuan din sa Cadiz kaya't maaari silang magpatayo ng isang pasalubong center na ang tampok na ibebenta ay mga dairy products.

Pagtanggap sa pagbabago

Pagtanim, pag-aalaga at pag-aani ng tubo ang pangunahing kabuhatan sa lalawigan ng Negros Occidental, kabilang na ang mamamayan ng Barangay Burgos.

"Isang culture shock para sa mga mamamayan ng Burgos ang pagpapakilala ng ibang pagmumulan ng kabuhatan nila," sabi ni Evidente. "Gayunpaman, madali ang naging pagtanggap nila sa bagong ideyang ito dahil sa kaukulang pagpapaliwanag at pagpupursiging naipakita ko sa kanila," dagdag pa niya.

Naging saksi si Emeline Tabanao, presidente ng asosasyon sa Burgos, sa sigasig ni Barangay Chairman Evidente.

"Si Kapitan (Chairman Evidente) ang nag-udyok sa amin upang subukan ang iba pang pagkakakitaan. Kung hindi dahil sa kanya, hindi ganito kalakas ang loob namin na sumubok ng iba pang panggagalingan ng aming ikabubuhay," pagdidiin ni Tabanao.

Naniniwala si Evidente na sa pagtutulongan ng PCC, DSWD, at lokal na gobyerno ay mapapadali ang pag-unlad ng kanilang komunidad.

"Maganda talaga kapag nagtutulongan ang mga nasa gobyerno para sa ikabubuti ng karaniwang tao," sabi ni Evidente. "Tunay ngang sa tapat na paglilingkod at pagkakaisa, nasusumpungan ang daan tungo sa kaunlaran," dagdag niyang pakli.

Pero idiniin niya na dapat na kaakibat ng "pagsisigaw sa mga prinsipyo" ay may kaukulang pagkilos at paggawa upang ang inaasam na pagbabago sa komunidad ay matamo.

"Sana'y maging isang halimbawa ang aming lugar at ang aming mga ginawa tungo sa progresibong pagsulong para sa kaunlaran. Sana'y tuntunin din ng iba pang lider ang landas at mga hakbanging aming ginawa nang sa gayon ay matamo na ng bansang Pilipinas ang matagal nitong inaasam na pag-unlad," sabi ni Evidente. **K**



Deny's Homemade Products, Silay Negros Occidental



Mapang-akit na ‘DULCE GATAS’ sa Negros Occidental

NI MA.CECILIA C. IRANG

Kilala ang Negros Occidental na “Sugar Capital of the Philippines” dahil sa napakalawak na taniman nito ng tubo na popular na pinaggagalinangan ng asukal o matamis. Palibhasa’y sagana nga sa asukal, hindi kataka-takang ang mga Negrenses (ang tawag sa mga taga-Negros) ay maganyak sa paglikha ng iba’t-ibang klase ng mga pambihirang pagkain gamit ang asukal bilang sangkap at tatak-pangkalakal.

Sa ngayon, isa sa mga delicacies na lubhang naiibigan ng maraming Negrenses at mga turista ay ang “Dulce Gatas”. Ito’y milk candy na ang pangunahing sangkap ay gatas ng kalabaw at asukal.

Sa bayan ng Silay, Negros Occidental, na may layong kulang 15 kilometro mula sa Bacolod City, na isang highly urbanized city sa lalawigan, ay matatagpuan ang isang pamilya, ang pamilya Nivera, na simula pa noong taong 1990 ay gumagawa at nagnenegosyo na ng dulce gatas sa kanilang tahanan.

Si Ginang Delia Nivera,

58, ang punong abala sa paggawa at pagsasapamilhan ng produktong ito na isa nang malaking negosyo sa larangan ng pagkaing panghimagas. Nakasuporta sa kanyang gawain ang kanyang asawang si Renato, 62, at apat na anak.

Noo’y may isang alagang babaing native na kalabaw si Mang Renato na nakukuhanan niya ng gatas. Ginamit ni Aling Delia ang ani nilang gatas sa paggawa ng dulce gatas. Nang maperpekto niya ang kaukulang sangkap at wastong paggawa ng produktong ito, nagsimula itong maibigan ng marami.

Noon na sila nagsimulang bumili ng karagdagang gatas mula sa mga lokal na magsasaka sa kanilang lugar araw-araw upang maparami ang kanilang produksyon. Ang karaniwang dami ng gatas na napoproseso nila noon ay nasa 253 litro sa isang buwan.

Taong 2011 nang mapag-alaman nilang nagsusupply ng gatas na mula sa mga may purong lahi ng gatasang kalabaw ang Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (PCC@LCSF). Nakipag-ugnayan sila sa tanggapang ito na naging dahilan upang umangat ang

suplay ng gatas na kanilang nagagamit.

Umabot sa karaniwang daming 598 litro sa isang buwan ang nagiging panustos nilang gatas ng kalabaw. Ito ang naging dahilan para lumakas na rin ang produksiyon ng kanilang produkto. Kung бага, ang kanilang produkto’y maihahambing sa isang pagkaing natuklasan ng langgam na dinumog ng mga hukbo ng langgam.

May malaking hukbo ngayon ng mga tagatangkilik na mamimili sa kanilang lugar, maging ang mga dumarayong turista, ang kanilang produkto.

Paraan ng paggawa

Ayon kay Aling Delia, simple lang ang paggawa ng dulce gatas. Kailangan lang ang matiyagang paghahalo ng mga sangkap habang ito’y niluluto.

Ang mga materyales at mga sangkap, aniya, na kailangan sa paggawa ng produkto ay sandok na gawa sa kahoy, kawali, container, cup o kutsarang pansukat, kalan, sariwang gatas ng kalabaw, pinong asukal at glucose syrup.

Batay sa kanyang paglalahad, kailangang

ilagay ang apat na litrong gatas sa kawali at lagyan ng 2 ½ pinong asukal. Atay-atay itong pakuluan sa katamtamang init ng apoy habang regular itong hinahalo. Isunod na ilagay ang dalawang cup ng glucose kapag may bulabok na ang timplada.

Panatilihin ang paghahalo ng timplada sa mahinang apoy hanggang sa maging malapot ito at kulay kayumanggi (brown) at may may maliliit na bulabok o globules. Isalin ito sa malinis na tray at palamigin.

Isilid sa isang angkop na sisidlan o container matapos palamigin, takpan o selyuhan at ilagay sa refrigerator na may lamig na 4°C hanggang 10°C.

Hindi niya aniyang kinalilimutan ang petsa kung kalian nagawa ang produkto upang matiyak ang takdang araw na uubra pang kainin ang produkto.

Kaibhan ng produkto

Ayon kay Rolly Ardeño, carabao-based enterprise development coordinator ng PCC@LCSF, ang pamilya ni Aling Delia ang isa sa may pinakamaraming produksyon ng dulce gatas sa buong bayan ng Silay. Ang negosyong ito na rin ang pangunahing pinagkakakitaan ng pamilya.

Ang kanilang produkto ay nakasilid sa iba’t ibang laki ng garapon.

Nakagagawa at nakapagbebenta sila ng karaniwang 60 garapon ng dulce gatas sa isang linggo at umaabot pa sa mahigit 80 kada isang linggo tuwing peak season.

Ipinagbibili nila ang produkto sa halagang Php300 na nasa malaking garapon, Php250 ang sa katamtamang laki ng sisidlan, at Php160 naman ang sa maliliit.

Umaabot sa Php133,668 ang karaniwang kabuuang benta nila sa isang buwan. Ang neto nito ay Php41,712 matapos awasin ang naging nagastos na puhunan.

“Tulong-tulong kaming pamilya sa paggawa pero ako talaga ang taga-halo. Sa simula ay trial-and-error din kami sa lasa noong dulce gatas na ginagawa namin hanggang sa pinagtiyagaan naming makuha ang tamang timplada at paggawa,” wika ni Aling Delia.

Sinabi rin ni Aling Delia na minsan niyang sinubukang gumamit ng gatas ng baka noon dahil nagkulang sila sa panustos ng gatas ng kalabaw. Nguni’t napansin niyang malabnaw at kaunti lang ang nagagawa nitong dulce gatas kaya hindi na nila ipinagpatuloy pa ang paggamit nito.

“Mas malinamnam, mas malapot, at mas masarap talaga ‘yong dulce gatas kapag gatas ng kalabaw ang ginamit. Pati mga mamimili ay sadyang gatas ng kalabaw na sangkap ang labis na nagugustuhan. Masasabi kong ito talaga ang ideyal na sangkap para sa dulce gatas,” ani Aling Delia.

Ayon naman sa kanyang pangatlong anak na si Roel, hindi naman sila nakikipagkumpetensiya sa iba pang gumagawa ng dulce gatas. Ang mga mamimili naman, aniya, ang siyang nagpapasya kung saan sila o-order at nagkataon namang marami talaga ang nagkakagusto sa kanilang produkto.

Dagdag niya, kakaiba ang timpla ng dulce gatas na gawa ng kanyang ina dahil tantsado na nito kung gaano kalakas ang apoy na gagamitin at paraan ng paghahalo. Nakatulong din, aniya, ang magandang kalidad ng gatas na isinusupply ng PCC@LCSF para mas lalo pang sumarap ang gawa nilang dulce gatas.

Patuloy pa ang pagdami ng mga parukyano ng dulce gatas na gawa

ni Aling Delia. Maliban sa kanilang palagiang mga indibiduwal na suki, marami na ring malalaking restaurants ang regular na umaangkat hindi lang sa kanilang bayan kundi maging sa Bacolod, iba pang lugar sa kanilang probinsiya at maging sa Tagaytay sa Cavite.

Nang dahil sa taglay na linamnam at sarap ng dulce gatas na gawa ng pamilya Nivera ay naging tampok na rin ang kanilang produkto sa programa ng ABS-CBN at iba’t-ibang mga products exhibitions sa kanilang lugar.

“Nagpapasalamat ako sa Diyos dahil sa talentong ibinigay niya sa’kin sa pagpoproseso ng produktong nagugustuhan ng marami. Ang Diyos ang Siyang may-bigay ng ganitong kakayahan kaya’t nararapat lang na ito’y aking pagyamanin.”

(May karagadagang impormasyon mula sa isinumiteng Knowledge Product nina Rolly C. Ardeño, Saturnino T. Dayanan, at Hector M. Ringor ng PCC@LCSF)

“Mas malinamnam, mas malapot, at mas masarap talaga ‘yong dulce gatas kapag gatas ng kalabaw ang ginamit. Pati mga mamimili ay sadyang gatas ng kalabaw na sangkap ang labis na nagugustuhan. Masasabi kong ito talaga ang ideyal na sangkap para sa dulce gatas”.

-Delia Nivera
Owner, Deny's Homemade Products

“Tunay ngang nakaka-challenge ang paggagatas nguni’t marami naman ang mga biyayang dala nito. Sa gawaing ito, namamalayan mo na lamang na dumarating ang pera sa iyo”.

- Fernando Dupalco
Member, BODACO



Dupalco's Farm, Ubay, Bohol

development program ng mga organisasyon at kooperatiba upang makatulong sa kanilang mga pagsisikap na mabawasan ang kahirapan sa mga komunidad na nangangailangan sa anim na munisipyo sa Bohol.

Suportado din ng provincial government ng Bohol ang proyekto sa pamamagitan ng pagbibigay ng budget sa mga dairy enterprise at milk feeding programs sa mga eskwelahan. Nagbigay din si Gov. Chatto ng direktiba sa mga establisamientong panturismo na magbenta ng carabao milk drinks sa mga bisita.

Nagkaloob ang proyekto ng mga freezers sa mga enterprise centers at ng pondo sa deworming, bakuna, bitamina at mineral sa mga milk processing centers.

“Tuluy-tuloy ang pagtaas ng lokal na produksyon at kita mula sa sariwang gatas at sa mga kaakibat na pinoprosesong produkto. Dahil kailangang sustenahin ang industriyang ito, patuloy naming hinahanapan at ginagawan ng paraan upang lalo itong umarangkada,” paliwanag ni Gov.

Chatto.

Dalawang beses sa isang taon ay ina-assess ng OPV at PCC @ USF ang proyekto upang makita ang impact nito at mapag-aralan kung may mga maaari pang linangin.

Abala nguni’t ‘relax’ lang

Sa Ubay, patuloy pa rin sa pag-alaga at paggatas ng kalabaw si Mang Fernando. Lubhang abala nga siya sa gawaing-bukid, pero sabi niya, “Mas relax ako ngayon dahil sapat ang aking kinikita upang tugunan ang pang-araw-araw na kailangan ng aking pamilya”.

Para naman kay Ronald Igot, isa sa mga mga miyembro ng board of directors ng BDC, pagkakalabawan nga rin ang sandigan ng kanyang pagkita. Mula sa gawaing ito, aniya, nakabili na siya ng mga appliances para sa kanyang pamilya.

“Tunay ngang nakaka-challenge ang paggagatas nguni’t marami naman ang mga biyayang dala nito. Sa gawaing ito, namamalayan mo na lamang na dumarating ang pera sa iyo,” natutuwa niyang sabi. (Mula sa mga impormasyon kaloob ni Leneife Libres) 

Mahusay...

MULA SA PAHINA 15

“Dadaan sila sa pagsasanay. Hihikayatin din ang mga miyembro ng pamilya ng kasapi na sumama sa pagsasanay. Gagabayan namin sila ng husto,” sabi ni Cuaresma.

Base naman sa PCC@WVSU, nagbigay ng suporta ang LGU Calinog sa CLB-CARES sa kasalukuyang itinatayong “food stalls” para mapatayuan ng bakery shop para sa paggawa at pagbebenta ng mga tinapay na hinaluan ng gatas ng kalabaw, sa Calinog bus terminal. Maliban sa tinapay, magbebenta rin ito ng mga dairy products.

Tinatarget din ng PCC@WVSU na sa taong ito ay makapagpatayo rin sila ng dairy hub sa main campus ng WVSU na kung saan CLB-CARES din ang siyang mamamahala.

“Minsan nakatatakot ‘yong mga nakaabang na mga hamon sa grupo namin dahil baka hindi ko magawa bilang lider. Pero dahil nakasuporta naman ang aming mga miyembro at ang PCC@WVSU, natitiyak kong matagumpay na matutugunan ang mga hamon,” ani chairman Cerbo.

Hindi naman, aniya, nagkukulang ang PCC@WVSU sa paggabay sa kanilang asosasyon lalo na sa pagbebenta ng kanilang gatas at gayundin sa tulong-teknikal. Dumaan na rin sila sa iba’t-ibang mga pagsasanay tulad ng social preparation training, quality control ng mga gatas, at wastong pamamahala sa mga kalabaw.

“Salamat sa PCC@WVSU sa walang sawang pag-aalalay sa amin. Sila’y sobrang matulungin,” ani Chairman Cerbo.

Idinagdag pa niya: “Ang ganyang pagseserbisyo ang kailangan ng mga mahihirap na tulad namin.” 

Programa sa araw-araw na pag-inom ng mga bata ng **GATAS NG KALABAW** inilunsad sa tatlong rehiyon

NI MA. THERESA R. SAWIT

Karapatan ng lahat - bata man o matanda, mahirap man o mayaman – ang pagtatamo ng sapat na nutrisyon.

Sa katunayan, ang karapatang ito ay nakapaloob sa Artikulo 25 ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao o Universal Declaration of Human Rights. Sa dokumentong ito, nakasaad na ang bawa’t tao ay may karapatan sa isang pamantayan ng pamumuhay na sapat para matugunan ang kanyang pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain at kalusugan, damit, tirahan, gamot at iba pang mga serbisyong pampubliko.

Ngunit sa realidad, hindi lahat ay nakapagtatamo ng karapatang ito.

Tinatayang 13.5% ng kabuuang populasyon dito sa bansa, o 13,632,493 tao, ang dumaranas pa rin ng kakulangan sa nutrisyon. Ito ay ayon sa Global Hunger Index 2016 na inilabas ng International Food Policy Research Institute (IFPRI).

Sa mga batang ang edad ay lima pababa, 30.3% ang dumaranas ng pagkabansot samantalang 7.9% naman ang payat. Ang datos na ito’y ayon sa IFPRI at Food and Nutrition Research Institute (FNRI). Lumalabas sa pag-aaral na ang proporsyon ng populasyon na may kakulangan sa nutrisyon ay karaniwang matatagpuan sa mga kanayunan at mga lugar na mababa ang katayuang pangkabuhayan, ayon pa rin sa FNRI.

Malaki ang kapakinabangan sa



bansa kung ang mamamayan ay maganda ang pisikal na kondisyon. Tao ang pinakamahalagang yaman o asset na siyang nagsisilbing lakas-paggawa tungo sa kaunlaran. Ayon pa sa Global Nutrition Report, ang kakulangan sa timbang, mahinang paglaki, at kakulangan sa bitamina at mineral ay nakapagpapababa ng kabuuang produktong domestikong (GDP) samantalang ang pamumuhunan sa pagsugpo sa problema ng malnutrisyon ay makapagbubunga ng \$16 kada \$1 na gastos.

Ayon naman sa pananaliksik ng Save the Children, ang paglalaan ng \$1 laban sa malnutrisyon ay magdudulot ng katipiran na \$100 sa kalusugan, edukasyon at gastos sa pagkalugi sa produksyon. Ang pamumuhunan sa nutrisyon ng mga mamamayan, kung gayon, ay sulit at nararapat lamang na isakatuparan.

Isang mahalagang hakbang ng kasalukuyang administrasyon na gawing prayoridad ang pagkakaroon ng pagkain na abot-kaya ng lahat. Minimithi nitong ang bawa’t mamamayan ay makakain ng sapat upang mapanatili ang malakas at magandang pangangatawan.

Isang istrategiya, partikular na, ang pagtataguyod ng milk feeding sa mga pampublikong paaralan bilang pambansang programa. Ito’y inanunsiyo ni Kalihim Emmanuel “Manny” Piñol ng Kagawaran ng Agrikultura nang siya’y bumisita sa PCC noong nakaraang Hunyo. Layunin ng programa na malabanan ang kaso ng malnutrisyon sa mga kabataang nasa kasalukuyang estado ng paglaki at pag-unlad.

Bilang karadagdagan pang pakinabang sa layuning ito ay mangyayaring masuportahan din

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

Programa... MULA SA PAHINA 25

ang kabuhayan ng mga lokal na magsasaka dahil madaragdagan ang sure market ng kanilang produkto.

Pagtutulungan para maibsan ang malnutrisyon, kahirapan

Isang pasimulang programang pangnutrisyon at pangkabuhayan ang napagkasunduang isagawa ng PCC at Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa tatlong rehiyon ng bansa (III, VI at X) partikular sa mga bayan ng Aliaga sa Nueva Ecija; Talibon sa Bohol; at Damulog, San Fernando at Maramag sa Bukidnon.

Ang mga bayang ito ay prayoridad ng gobyerno dahil sa kasalukuyang estado ng nutrisyon at kabuhayan ng mga naninirahan dito. Layunin ng programang ito na mapainom ng 200ml na gatas kada araw sa loob ng 120 na araw ang mga batang pumapasok sa Child Development Centers (CDCs) sa nabanggit na mga bayan upang matulungang matugunan ang pangangailangan sa protina at ibang sustansiya ng kanilang katawan.

Ang gatas ay karagdagang nutrition intervention sa regular na pagkain (hot meal) na ibinibigay ng DSWD sa mga CDCs.

Makikinabang sa programang ito ang mga batang may kabuuang bilang na aabot sa 10,094. Sa bilang na ito, 1,121 ay sa Aliaga; 1,652 sa Talibon; 1,270 sa Damulog; 3,033 sa San Fernando; at 3,018 sa Maramag. Sila ay may edad 3 hanggang 5 taong gulang.

Pagkaraan ng 120 na araw ng pag-inom ng gatas ay inaasahang mapabubuti ang timbang at laki ng mga batang naitalang kulang ang nutrisyon o undernourished bago simulan ang programa.

Sa pakikipagtulungan na rin ng mga lokal na pamahalaang pangmunisipal, ang programang

ito ay nailunsad sa Aliaga at Talibon noong ika-28 ng Nobyembre ng kasalukuyang taon at inaasahan namang mailulunsad sa Bukidnon sa Enero ng susunod na taon.

Bukod sa pagpapainom ng gatas, nakapaloob rin sa programa ang tulong-pangkabuhayan sa mga magsasaka at iba pang manggagawang sakop ng dairy value chain sa mga lugar na kung saan isinasagawa at isasagawa ang programa. Sa kada araw, 2,019 litro ng gatas ang kailangan at ito ay bibilhin mula sa mga lokal na magsasaka at iproproseso naman ng mga asosasyon o kooperatibang inaasistehan ng PCC at ng National Dairy Authority (NDA) kaya ito ay inaasahang makapagbibigay ng kita sa maraming pamilya.

Makapagbibigay rin ng hanapbuhay ang programa sa mga manggagawang maaaring direkta o hindi direktang mapapasama sa mga gawaing tulad ng pagdadala ng gatas mula sa processor hanggang sa makarating ito sa mga CDC, pagmomonitor ng implementasyon at pagpapalawig ng mga negosyong salig sa kalabaw.

Ang pakikipagtulungan ng PCC sa DSWD ay bahagi rin ng isang pananaliksik para sa kaunlaran (research for development) na naglalayong malaman ang epekto ng pag-inom ng gatas sa laki at timbang (anthropometric characteristics) ng mga batang ang edad ay tatlo hanggang limang taon. Regular na susukatin ang kanilang timbang at paglaki at pag-aaralan din ang estado ng nutrisyon batay na rin sa araw-araw na kinakain ng mga bata.

Ang implementasyon ay masusing idodokumento upang maging batayan ng mga susunod pang programang pangnutrisyon at pangkabuhayan na isasagawa ng PCC o ibang institusyon sa pakikipagtulungan sa ibang ahensiya.

Naiibang...

MULA SA PAHINA 19

pagkakalabawan ay sustainable dahil nanganganak ang kalabaw at araw-araw ang kita kapag ginagatasan na ang inahin.


Nag-uumpisa pa nga lang ang grupo ni Nang Nita sa pagkakalabawan. Pero ngayon pa lang, nakikita niya na magiging maunlad sa malapit na hinaharap ang kabuhayan ng mga miyembro ng kanyang grupo.

Batay sa kanyang sinasabi, hindi nagkamali si Nang Nita na huwag nang magbalik sa pamumundok. Pero hindi nagbabago, aniya, ang paninindigan niya na magkaroon ng tunay na pagbabago para maging mas mabuti at maunlad ang mga pamayanan sa bansa. Hindi rin nagbago ang kanyang kagustuhang makaimpluwensiya lalo na ng mga kabataan upang maging mas responsableng tao sa lipunan.



“Sabihin na nating isang alternatibong paraan ang ginagawa ko ngayon para sa kapayapaan at kaunlaran”.

-Neonita Capirayan
Chairman, MARA



CHOCOBAO. Sa mala-tsokolateng kulay niya
Na sa Chocolate Hills ay umakma
Larawan siya ng ‘sangkalabawan sa Kabisayaan.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa programang salig sa gatasang kalabaw:

Website: <http://www.pcc.gov.ph>

E-mail: pcc-oed@mozcom.com

Facebook: [https://www.facebook.com/
PhilippineCarabaoCenter/](https://www.facebook.com/PhilippineCarabaoCenter/)

OFFICE OF THE EXECUTIVE DIRECTOR

PCC National Headquarters and Gene Pool Science City of
Muñoz, 3119, Nueva Ecija Philippines

Tel. No.: (63) (044) 456. 0731 to 34

Fax no.: (63) (044) 456. 0730

E-mail: pcc-oed@mozcom.com

**Iba na ang
may alam!**



Alamin ang pinakamalapit na tanggapan ng PCC sa inyong lugar:

PCC at Mariano Marcos State University Batac City, Ilocos Norte

Telephone No.: (63) (077) 792.3187

Email: pccmmsu@gmail.com

PCC at Cagayan State University Tuguegarao City, Cagayan

Mobile No.: (63) 0916.752.8507 | (63) 0917.518.4302

Email: pccpiat07@yahoo.com

PCC at Don Mariano Marcos Memorial State University Rosario, La Union

Mobile No.: (63) 0908.864.9975 | (63) 0930.782.6038

Email: pccdmmsu95@yahoo.com

PCC at Central Luzon State University Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Telephone No.: (63) (044) 456.5238 to 39

Email: pcc.clsu@yahoo.com

PCC at University of the Philippines at Los Baños Los Baños, Laguna

Telephone No.: (63) (049) 536.2729 | (63) (049) 534.2009

Email: pccuplb@gmail.com

PCC at Visayas State University Baybay City, Leyte

Telephone No.: (63) (053) 335.5648

Email: pccvsu@gmail.com

PCC at West Visayas State University Calinog, Iloilo

Telephone No.: (63) (033) 320.2445

Email: pccwvsu@yahoo.com

PCC at La Carlota Stock Farm La Granja, La Carlota City,
Negros Occidental

Mobile No.: (63) 0947.893.4794 | (63) 0921.542.4379

Email: pccclsf@yahoo.com

PCC at Ubay Stock Farm Ubay, Bohol

Telephone No.: (63) (038) 518.5598

Email: pccusf.ubay@yahoo.com

PCC at Mindanao Livestock Production Complex Kalawit,
Zamboanga del Norte

Telephone No.: (63) (065) 212.2636

Fax No.: (63) (065) 311.4762

Mobile No.: (63) 0949.404.4559 | (63) 0906.956.9060

Email: pcc-mlpc09@yahoo.com

PCC at Central Mindanao University Maramag, Bukidnon

Mobile No.: (63) 0939.133.9815 | (63) 0939.916.9719

Email: pccmusuan@yahoo.com

PCC at University of Southern Mindanao Kabacan, North Cotabato

Telefax No.: (63) (064) 248.2250

Mobile No.: (63) 0919.397.0872 | (63) 0920.621.9722

Email: usm_pcc@yahoo.com